

Ano ang posisyon ng Islam tungkol sa karapatan ng mga hayop?

"At walang nilikhang gumagapang sa lupa ni ibong lumilipad gamit ang kanyang mga pakpak, kundi sila ay mga pamayanan na katulad ninyo. Wala Kaming pinalampas sa Aklat tungkol sa anumang bagay, pagkatapos sila ay titipunin sa kanilang Panginoon." [253] (Al-Anam: 38).

Sinabi ng Propeta Muhammad (saw): "Isang babae ang pinarusahan dahil sa isang pusa na kanyang ikinulong hanggang ito ay namatay. Siya ay pumasok sa impiyerno dahil dito. Hindi niya ito pinakain o pinainom nang ito ay kanyang ikinulong, ni pinakawalan ito upang makakain ng mga insekto sa lupa." [254] (Isinalaysay ni Bukhari at Muslim).

Sinabi ng Propeta Muhammad (saw): "Isang tao ang nakakita ng aso na kumakain ng lupa dahil sa matinding uhaw. Kinuha ng tao ang kanyang sapatos, at gamit ito, pinainom niya ang aso hanggang ito ay makainom ng sapat. Pinahalagahan ito ng Allah at siya ay ipinasok sa Paraiso." [255] (Isinalaysay ni Bukhari at Muslim).

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://the-faith.com/qa/tl/show/96/>

Arabic Source: <https://the-faith.com/qa/ar/show/96/>

Monday 1st of June 2026 09:53:49 PM